

# Mayroon ka pang ibang paraan



**UDI**

Utlendingsdirektoratet  
Norwegian Directorate  
of Immigration

# Mayroon ka pang ibang paraan

Ang bawa't tao ay may karapatan sa isang buhay na walang pangangamba sa karahasan at pananakot. Kung ikaw o ang iyong mga anak ay inaabuso, maaari kang makakuha ng isang pansariling pahintulot na pagtira. Hindi mo kailangang magtiis na makisama dahil natatakot ka na mawalan ng pahintulot na tumira sa Norway.

## **Sino ang maaaring makakuha ng pahintulot na tumira?**

- Kailangang mayroon ka, o nagkaroon ka na ng pahintulot na tumira sa Norway sa pamamagitan ng pampamilyang imigrasyon.
- Ikaw o ang iyong anak ay inaabuso ng iyong asawa o kinakasama habang kayo ay nakatirang magkasama sa Norway.
- Ang iyong asawa o kinakasama ay dapat na Norwego, Nordic, mayroong pahintulot na tumira o may isang kapahintulutan na tumira na maaaring maging permanente.
- Dapat naka-alis ka na sa asawa o kinakasama.
- Hindi kinakailangan kung gaano ka na katagal sa Norway.

## Ano ang pang-aabuso?

Ang pang-aabuso ay ang paggamit ng pananakot, pamimilit, karahasan o ang pagpigil sa malayang galaw ng isang tao. Ang pang-aabuso ay maaaring pisikal, sikolohikal o sekswal. Sa pagsusuri namin kung ikaw ay nakaranas ng pang-aabuso, importanteng malaman namin kung ikaw halimbawa ay:

- tinulak
- sinabunutan
- hinampas
- sinipa
- binantaan (ng deretsahan o pasaring)
- pinilit gumawa ng sekswal na gawain
- kinontrola
- ikinandado sa loob o labas
- pinigilang makipag-ugnayan sa pamilya o mga kaibigan
- pinagbawalang makipaghalubilo sa lipunan, halimbawa pinagbawalang makadalo sa pag-aaral ng salitang norwego
- tinawag ng masasamang salita
- binalewala
- inilalayo sa lahat
- hindi pinapakain
- pinagbabawalang magsabi ng sarili mong opinion

Para mabigyan ng kapahintulutan, kinakailangan na ang mga pangyayari ay malulubha o nangyari ng paulit-ulit. Kung hindi man malala ang pang-aabuso, dapat itong nangyari ng paulit-ulit o naging isang bahagi na ng pag-uugali.

Kung ikaw ay may kasulatan na nagsasaad ng pang-aabuso o sulat galing sa ibang tao na nagsasaad kung ano ang nangyari sa iyo, maari mo itong ilakip kasama ng iyong pag-apply. Ngunit kung wala kang mga dokumento na nagsasaad ng pang-aabuso, sapat na na ikuwento mo ang iyong karanasan sa isang interview kapag ikaw ay mag-apply ng pahintulot. Importanteng ikuwento mo lahat na dinanas mo, kung kailan o paano ito nangyari at paano ka naapektuhan nito. Hindi kinakailangan na naireport mo ang pang-aabuso sa pulis.

## Mayroon ding iba't ibang uri ng pahintulot sa pagtira.

- Kung mayroong kang anak sa Norway na nakatirang kasama ka o may legal na karapatang makabisita sa iyo, maari kang mag-apply ng pampamilyang imigrasyon kasama ng anak.
- Kung mapawalang bisa ang iyong kasal dahil pinilit kang magpakasal (sapilitang pagpapakasal), maari kang mabigyan ng karapatan ng pansariling pahintulot na tumira.
- Kung ang taong kasama mo sa pampamilyang imigrasyon ay nakatanggap ng proteksyon galing sa Norway, malamang na ikaw rin ay mayroon nang pansariling pahintulot sa pagtira.
- Kung mayroon kang residence card bilang miyembro ng pamilya ng mamamayan ng EU/EEA at nakaranas ka ng pang-aabuso, may karapatan ka pa ring tumira sa Norway.
- Kung hindi makatuwiran na pabalikin ka sa iyong bansa, halimbawa, kung mahirap mabuhay doon na hiwalay sa asawa, maari itong maging dahilan para magbigyan ka ng karapatang makakuha kapahintulutan na tumira.
- sa kakaibang sitwasyon maari kang bigyan ng pahintulot na tumira dahil sa matitinding makataong katwiran.
- Kung ikaw ay natatakot na makaranas ng karahasan at pang-aabuso sa iyong bansa, maari kang mag-apply ng proteksyon (asilo)

Mayroong ibang pang mga kinakailangan ang ilan sa mga pahintulot na ito.

Magbasa ka pa sa [udi.no/vold](https://udi.no/vold)